AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 21

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Asul na Araw" na isinulat ni Pipa Escalante.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 21 |
| --- |
| Book Title: Asul na Araw |
| Author: Pipa Escalante |
| Source: Buri Books |

Magandang hapon! Si Teacher Robyn po ulit!🧡 Today, babasahin natin ang "Asul na Araw" ni Ginang Pipa Escalante 👩🏽‍🏫 at salin ni Dencel Aquino 👨🏽‍🏫

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Bago tayo mag-umpisa sa huling kuwento natin para sa linggong ito, balikan natin ang ating mga promises! ☺
(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣
(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓
(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**
Bago tayo mag-umpisa, alam ba natin mga bata ang 7 na araw sa isang linggo? Masasabi ba natin?
📅 Lunes, Martes, Miyerkules, Huwebes, Biyernes, Sabado, at Linggo! 📅
E, alam ba natin ang English ng mga sumusunod na kulay? 🌈
**(1) Asul** 🧢
**(2) Dilaw** 🐤

**(3) Pula** 🎒
**(4) Kahel** 🦊
**(5) Lila** 🌂
**(6) Berde** 🧤
**(7) Rosas** 👕

Tuklasan natin ang mga araw sa isang linggo at ang mga kulay na to sa ating kuwento! 📅🌈

---

📚 **ASUL NA ARAW NI PIPA ESCALANTE**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

🧢🧢🧢📅 LUNES 📅🧢🧢🧢
Lunes ng umaga, pagmulat ko'y nakita ko ang asul na langit. Kaya't sabi ko sa aking ina, isusuot ko ang aking asul na bestida,  asul na medyas at asul na sapatos. Nginitian niya ako't sinabi, "Sa tingin ko'y asul na araw ngayon."

Sa eskuwelahan nang araw na ngayon, binuksan ko ang aking asul na baunan at kinain ang tinapay na may asul na palaman.

Sumulat ako gamit ang aking asul na lapis. Sa aking pag-uwi, Nakita ko ang isang asul na bisikleta, limang asul na bubong at tatlong asul na ballot ng kendi.

🐥🐥🐥📅 MARTES 📅🐥🐥🐥
Martes ng umaga, pagmulat ko'y nakita ko ang dilaw na araw.
Inihanda ng aking ina ang aking rosas na salawal pero hiniling ko kung maaaring isuot and aking dilaw na pullover. Nginitian niya ako, "O, dilaw na araw ngayon."

Dilaw na keyk ang aking almusal.
Dilaw na biskuwit and aking meryenda.

Naglaro ako sa dilaw na duyan at nagpadausdos sa dilaw na islayd
bago kumain ng dilaw na sorbetes.
Martes ang pinakamagandang dilaw na araw.

🎒🎒🎒📅 MIYERKULES 📅🎒🎒🎒
Miyerkules ng umaga, pagmulat ko'y
nakita ko ang aking pulang lampara. Itinanong ng aking ina kung gusto kong isuot and aking pulang pang-itaas.

“Opo, katerno ng aking pulang medyas,” ang sabi ko sa kanya.
Nginitian niya ako. “Sa tinging ko’y pulang araw ngayon,” sabi niya.

Habang papunta sa eskuwelahan, nabilang ko ang dalawang iskeytbord.

Gumamit ako ng pulang krayola
sa pagsulat ng liham
pasasalamat sa aking ina.
At nagdrowing pa ako ng pulang puso sa
ibaba ng liham.

Sumakay ako sa aking pulang bisikleta at sampung beses na
nagpabalik-balik at nagpaikot-ikot sa kalye.

Miyerkules ang pinakamagandang pulang araw.

🦊🦊🦊📅 HUWEBES 📅🦊🦊🦊
Huwebes ng umaga ko’y nakita ko
ang kahel na bola ng aking kapatid.
Kaya’t sinabi ko sa aking ina na kung maari’y isusuot ko ang aking kahel na
sombrero at ang aking kahel na bestida.

Ngingitian niya ako, “Hmmmm... ngayon ay kahel na araw.”
Gumuhit ako ng jalabasa gamit ang kahel na krayola.
Gumawa ako ng kahel na pulseras gamit ang kahel na sinulid
at mga butil. Ibinigay ko ito sa aking ina.

Huwebes ang pinakamagandang kahel sa araw. Bumati ako ng “Magandang gabi”
sa kahel na buwan.

🌂🌂🌂📅 BIYERNES 📅🌂🌂🌂
Biyernes ng umaga, pagmulay ko’y nakita ko ang lilang panyo ng aking ina.

Sabi niya, puwede ko raw isuot ang aking lilang pantalon at pang-itaas.
Tumango ako at nginitian niya ako.
“May kutob ako na ngayon ay magiging lilang araw,” sabi niya.

Gumawa ako ng kahon gamit ang lilang luad. Nagbitbit ako pauwi ng lilang lobo
mula sa parti ng aking kaibigan. Kahit hindi ako nakakita ng mawang lilang bagay.
Biyernes ang pinakamagandang lilang araw. Bumati ako ng “Magandang gabi!” sa
lilang bulaklak kalapit ng aking kama.

🧤🧤🧤📅 SABADO 📅🧤🧤🧤
Sabado ng umaga paggising ko'y nakita ko ang aming berdeng bakuran. Suot ang aking berdeng tumakbo ako't pumunta
sa aming kapitbahay at nakipaglaro.

Naglaro kami ng mga berdeng bloke sa berdeng damuhan. Sabado ang pinakamagandang berdeng araw.

👚👚👚📅 LINGGO 📅👚👚👚
Linggo ng umaga ko'y nakita ko ang aking rosas na kortina. Nagsuot ako ng rosas na damit pansimba. Nagbeyk kami ng rosas na keyk ng aking ina. Ako pa nga ang pinaglagay niya ng icing sa ibabawa ng keyk!

Linggo ang pinakamagandang rosas na araw. Habang ako'y bumabati ng "Magandang gabi!" sa aking rosas na bahay-manika, iniisip ko, ano naman kaya ang mga kulay sa susunod na linggo?

---

✏ **GAWAIN**

🔎 Ipikit natin ang ating mga mata! Nakapikit ba? Pag bukas natin, ano ang una nating nakikita? Anong kulay ng bagay na ito? Puwede ba tayong kumuha ng papel at idrawing ito?

🔎 Bakit kaya itong bagay na to ang una mong napansin ng binuksan mo ang iyong mata?

🔎 Pikit muli natin ang ating mga mata! Isipin natin na tayo ang Bida ng ating kuwento na "Asul na Araw." Isipin mo ang iyong paboritong kulay. O paborito mong bagay. Kung magkukunwari tayo na tayo ang Bida ng "Asul na Araw", ano ang sasabihin natin kung bakit nakaka-liwanag ng araw o nakakasaya ang kulay o bagay na iyon para sa iyo?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Bakit kaya nakukulay ng magagandang kulay ang araw ng ating Bida? Bakit napapaliwanag o nakakasaya ng mga unang niyang nakikitang kulay ang kaniyang araw?

Para sagutin ang mga tanong katulad nito, magandang ipikit ang mata at isipin na tayo ang Bida, para ma-imagine natin kung ano ang kanyang iniisip o nararamdaman.

Paano kung sabihin ni Teacher na ang paborito kong bagay ay tsaa, at kung meron akong tsaa, lumiliwanag ang aking araw. Makakapikit ba tayo at makaka-isip, bakit

kaya nakakasaya kay Teacher Robyn ang tsaa? 😌🍵

Congratulations mga bata! Tapos na tayo sa linggo! Sana habang tumatagal, mas maraming perspektibo o paraan ng pagbabasa ang natututunan natin 🤓

ISANG MALAKING GOOOOOOD JOOOOOOOB! SA LAHAT! ❤👏🏽

May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.